Mga magulang at tagapag-alaga,

Nais naming ipag-bigay alam sa inyo na may bagong mga kaso ng sekswal na pang-aabuso sa mga bata at teenager, at kinakailangan nating maging alerto. May ilang mga kaso noong nakaraang mga linggo na may mga mayor-de-edad na nagbabayad sa mga kabataang nasa edad elementarya para sa mga litrato nilang nakahubad. Ang paraan nila ng pakikipag-usap sa mga kabataan ay karaniwang sa pamamagitan ng *chat* sa internet gaya ng *Snapchat* at *Instagram*, maging ang *Tik tok* at *Telegram* ay nabanggit din. Binabayaran ang mga bata ng 5.000-10.000 ISK para sa litrato at depende kung anong ipinapakita sa larawan at kung gaano ito kalinaw. Ang pagbabayad ay sa pamamagitan ng app gaya ng *Aur* o *Kass*.

Hindi na lingid sa kaalaman natin na ang mga mayor-de-edad na bumibili ng ganitong mga larawan ng mga bata ay ginagamit din nila ang mga unang larawan upang pilitin ang mga batang magpadala pa ng mas masasagwang larawan. Maliban dito, sinusubukan din ng mga masasamang loob na ito na mas maging malapit pa sa mga bata, hal. magbibigay sila ng regalo, magsasabing gagawan sila ng pabor. Kung ganito ang nangyayari ay sinusubukan talaga nilang magkaroon ng personal na relasyon sa mga bata, magtago ng mga sekreto, at magiging bihag na nila ang mga bata. Sa kasamaang-palad, ito ay karaniwang pamamaraan sa mga abusong sekswal sa kabataan, ang mag-alok ng kendi, pera o ibang mga regalo para makuha ang kanilang tiwala at kalooban. Magiging mas mahirap para sa bata na tumanggi sa mga sekswal na pabor kung nakatanggap na sila ng regalo o pera mula sa mga ganitong tao. Maaaring sisihin ng bata ang kaniyang sarili sa ganitong uri ng ugnayan at maaring mahirapan ang bata na magsabi tungkol sa nangyari. Ang mga mayor-de-edad ang may kapangyarihan sa bata at ang responsibilidad ay nasa adulto.

Ang mga batang nakaranas ng pag-benta sa lawaran nilang nakahubad ay maaaring isiping madaling paraan lang ito upang kumita ng pera habang hindi nila naiisip ang panganib. May mga kasong ninanakaw ng mga bata ang mga hubad na larawan ng iba mula sa internet at ibinebenta sa mga adulto ngunit mahalagang mahinto kaagad ang kanilang koneksiyon sa mga bata.

Maaaring suriin ng mga magulang ang bank account ng mga anak at tingnan kung may mga taong hindi kakilala na naglalagay ng pera sa account nito. Dapat din na maging alerto kung parang may pera ang anak na wala namang paliwanag kung saan ito nanggaling (ang ibang bata ay nagpapa-transfer ng pera mula sa mga kaibigan) at marapat na kausapin ang anak tungkol sa ganitong seryosong mga pangyayari. Subukan din na ligtas ang paligid at pakiramdam ng anak para ito ay magsabi sa inyo kung may alam silang ganitong kaso o kung naranasan nila ito mismo. Kung ang anak ninyo ay nagsabi sa inyo o kung may impormasyon kayo o di kaya'y may suspetsa kayo, ay krimen ang ganitong kaso at labag ito sa batas. Kung gayon ay kinakailangang mag-report agad-agad sa pulis at sa Serbisyo sa Proteksiyon ng Bata tel. 411 9200.

Mula sa

- Departamento ng Edukasyon at Kabataan sa Reykjavík
- *SAMFOK* Pinagsama-samang organisasyon ng mga magulang at Konsehong Pang-magulang sa mga Paaralang Elementarya ng Reykjavík
- *Heimili og skóli* Pambansang Asosasyon ng mga Magulang
- *SAFT* Pamayanan, Pamilya at Teknolohiya

Orihinal na liham sa wikang Icelandic